

easyMINE

Whitepaper

Version 2.1 FILIPINO (unofficial)

22 September 2017

easymine.io

NOTE: This is an unofficial translation. It is provided for reference purposes only. easyMINE does not accept any responsibility for the accuracy and correctness of the information contained herein or liability for any consequences arising from or relating to its use. Users are strongly urged to consult the original English text.

Mga Nilalaman

Pagpapakilala.....	3
Ang Ideya.....	4
Mga Prinsipyo ng Operation.....	4
Platform Architecture.....	5
Ang Pinagkaiba ng easyMINE.....	6
Aming Layunin.....	7
easyMINE Tokens (EMT).....	8
Initial Coin Offering.....	8
Development Roadmap.....	9
Direksiyon para sa Hinaharap.....	10
Opiyal na mga Channels ng Komunikasyon.....	10
Ang easyMINE Team.....	10
Warnings at mga Disclaimers.....	12
Limitation ng Liability.....	12
Taxes.....	13

Pagpapakilala

Kahit na mayroong mabilis na paglago sa halaga nito—mayroong capitalization na halos umaabot na sa 100 bilyong USD mark—ang cryptocurrency market ay nagsisimula pa lamang. Habang ang teknolohiya ng blockchain ay mayroong ng makabuluhang epekto sa mga area na tulad ng negosyo, finance, management ng impormasyon, at pang-gobyerno, malinaw na ang kabuuhang disruptibe/transformatibe na potensyal nito ay nagsisimula pa lamang makilala. Ito ay inaasahan na magkakaroon ng importanteng gagampanan sa maraming parte ng makabagong pamumuhay ngayon.

Maraming iba't-ibang protocols ang maaring ma-employ upang masigurong ligtas ang blockchain. Kabilang na dito ang proof-of-work, proof-of-stake, proof-of-activity, proof-of-space, at proof-of-bandwidth. Sa mga ito, ang proof-of-work ang kasalukuyang mas malimit ginagamit--nakatali sa mga currencies na tulad ng Bitcoin, Ethereum, at Ethereum Classic o Litecoin--na malamang ay mananatiling gagamitin ng mga ito hanggang sa hinaharap. Ito ay isang distributed consensus system na dependent sa pahihilahok ng mga "miners", na kung saan sa pamamagitan ng kanilang trabaho (o sa mas precise na pananalita, ang trabahong ginagawa ng kanilang mga computers) ay nag-gagarantiya sa integridad at seguridad ng mga transaksyon sa blockchain.

Sa mas pinasimpleng pananalita - mas maraming miners, mas secure ang network.

Hindi madali ang pagiging isang miner. Una, tamang hardware ay siyang dapat makuha at mabuo, ang indibidwal na components ay dapat maingat na pipiliin na nakatuon sa performance, power consumption, at presyo. Ang equipment ay dapat nai-configure ng tama. Kasama na dito hindi lamang ang pagdedetermina o pag-aaply ng tamang settings, ngunit pati na sa mga radikal na pamamaraan, tulad ng BIOS flashing. Pangatlo, tamang mining software ay siyang dapat rin makuha at mai-set up. Dapat din tandaan na bawat currency ay nangangailan ng iba't-ibang software at settings. Kapag operational na, ang isang mining machine at dapat mino-monitor at mini-maintain. Kabilang na dito ang pag-tweak ng mga operating parameters, pag-install ng mga updates, pag-troubleshoot ng mga problema, at marami pang iba. Higit pa rito, ang mga miners at dapat ring siguruhin na sila ay kumikita. Ito ay maaring maging malaking hamon sa iisang machine pa lamang-- papaano na lamang kaya sa sampu o daan-daan ng mga ito.

Para sa mga rason sa itaas, iilang tao lamang nagdedesisyong pumasok sa negosyo ng cryptocurrency mining.

Ang Ideya

Ang pinaka ideya sa likod ng easyMINE ay maaring maihayag sa iisang pangungusap: plug & mine.

Ang easyMINE ay dinisenyo upang mapabilis at mapadali ang pag-set up, pag-expand, at pag-manage ng cryptocurrency mine. Ito ay magbibigay ng kumpletong software solution para sa mas madaling pag-set up at maintenance ng mining equipment.

Ang easyMINE ay nakatuon sa parehong mga baguhan, na interesado sa paglulunsad ng kanilang unang mining machine, at mga dalubhasang miners, na mapapahalagahan ang mas pinadali at kontrol na maibibigay ng aming mga solusyon sa kanilang mining operations.

Ang aming layunin ay makapagbigay ng sistema na--habang fully featured, versatile at powerful--ay magiging intuitive at straightforward para madaling mai-access ng kahit na sino. Naniniwala kami na sa tulong ng easyMINE, lahat ay maaring makalahok at kumita mula sa cryptocurrency mining.

Mga Prinsipyo ng Operation

Ang functionalities na ibibigay ng easyMINE ay nahahati sa tatlong general areas: automatic configuration, automatic mining, at comprehensive mine management.

Sa unang boot-up, ang eMOS system ay magti-take over at awtomatikong mag-eexecute ng kinakailangan set-up at optimization routines. Ito ay maaring kinabibilangan ng GPU BIOS flashing, GPU core voltage adjustment, CPU/GPU/memory clock frequency adjustment, at marami pang iba.. ahat ng operating parameters ay preselected mula sa sentral na "knowledge base" ng configuration at performance data, at pagkatapos ay mas i-optimize pa upang makamit ang maximum stability at efficiency.

Sa isang fully automatic mode, ang easyMINE ay may kapabilidad na mag-operate ng hindi kinakailangan ng human input o supervision. I-optimize nito ang hardware at software settings, base sa sariling performance history na ibinigay ng device, pati narin ang performance data na nakuha mula sa ibang mga units. Awtomatiko rin itong pipili ng pinaka profitable na currency (base sa kasalukuyang exchange rate, block difficulty, power consumption atbp.) at ang pinaka magandang mining pool (iko-consider dito ang network delays at congestion). Panghuli, ang sistema ay maaring mag-manage ng naminang funds, makapag-convert ng currencies at mag-deposit ng mga kita sa mga karampatang wallets.

Para sa mga advanced users na naghahanap ng kumpletong kontrol sa bawat parte ng kanilang mining business, ang manual mode ng easyMINE ay magbibigay ng full range ng configurations at administration tools. Ang mga planadong functionalities ay kinabibilangan

ng: real-time hardware monitoring, inventory management, kumpletong operating history, detalyadong performance analysis, profitability calculation, pag-generate ng report, diagnostics at task automation. Lahat ng settings at features ay maaring ma-access sa pamamagitan ng web-based dashboard o isang dedicated mobile app (available para sa iOS at Android).

Ang kumpletong software package ay maaring mai-download mula sa easyMINE website. Ang eMOS operating system distribution ay ire-release sa ilalim ng isang OpenSource license, na mayroong libheng core functionalities. Ang access sa mas advanced na autoconfiguration at hardware monitoring features ay may bayad. Ang fee ay magiging dependent sa output ng mga device sa ilalim ng kontrol ng system.

Platform Architecture

Ang platform ng easyMINE ay binubuo ng mga sumusunod na modules:

easyMINE OS (eMOS)

Isang custom Linux distribution na optimized para lamang sa cryptocurrency mining. Kasama dito ang lahat ng kinakailangang system components, GPU drivers, pre-installed mining software para sa maraming klase ng currencies at isang easyMINE script package para sa hardware management at komunikasyon sa easyMINE server. Idinivelop sa ilalim ng isang open source license.

easyMINE Server

Ang main module ng platform. Kumukontrol sa operation ng bawat mining machines. Naka-rely sa isang AI-based performance optimization algorithms upang mai-adjust ang hardware settings (BIOS version, core voltage, clock frequency, atbp.) at mining parameters (currency, pool, atbp.). Kumukolekta ng performance data at ginagawa itong available para sa mga users.

easyMINE Dashboard

Administrative module. Isang online configuration at management interface, na maaring mai-access sa pamamagitan ng isang web browser. Nagpapahintulot sa remote monitoring at kontrol sa mga mining machines na konektado sa easyMINE server.

easyMINE Mobile

Administrative module. Isang dedikadong mobile application para sa iOS at Android na mga devices. Nagpapahintulot para sa remote management ng mga mining machines na konektado sa easyMINE server.

Dagdag pa rito, ang mga minor modules ay maari rin na mai-develop upang makadagdag

suporta sa mga functionalities na dependent sa special-purpose hardware (hal. remote hard reset).

Ang Pinagkaiba ng easyMINE

Sa kasalukuyan, walang kaparehong mine management platform ang available. Ang extensive at kakaibang feature ng easyMINE ay ang pinagkaiba nito--at, naniniwala kami, na nangunguna--sa kahit anong kasalukuyang mga solusyon, commercial man o non-commercial.

Kumpleto

Ang distribution package ng easyMINE ay binubuo ng lahat ng kinakailangang software upang magpatakbo ng isang profitable na mine: Ang eMOS operating system, hardware drivers, mining programs at ang eMOS dashboard. Hindi na kailangan ng additional purchases, downloads o installations.

Madaling gamitin

Para sa mga taong bago pa lamang sa mundo ng cryptocurrencies, ang mga pinaka konsepto ng "blockchain", "proofs" o "hash" ay mahirap intindihin. Layunin ng easyMINE na gawin itong madali para sa mga baguhan at hindi na kailangang bihasa sa pagamit ng computer para sa matagumpay na basic operation.

Comprehensive

Mula sa isang single remote dashboard, ang easyMINE ay magbibigay ng access at saktong kontrol sa bawat aspeto ng mining operation: mula sa paunang set-up, sa pamamahala ng imbentaryo, sa performance monitoring at optimization, hanggang troubleshooting at maintenance.

Near-autonomous

Sa easyMINE, ang bawat hakbang ng proseso ng pagmimina ay maaaring buo o bahagyang awtomatiko. Sa pinaka-autonomous nito, ang sistema ay aasa sa napakaraming self-configuration, self-optimization, at self-management algorithms upang mag-operate ng wala-o mas minimal--user supervision.

Self-learning

Ang advanced machine learning at data mining techniques ay magpapahintulot sa easyMINE upang mai fine-tune ang operating parameters nito para sa maximum efficiency. Ang Optimal value ay idedetermina sa pamamagitan ng analysis ng performance data na nakolekta sa isang centrally maintained knowledge base. Ang mga "Lessons" na makukuha sa ibang mga mining machine ay mai-aaply upang mas mapaganda pa ang pag-function ng ibang kaparehong configured na mga units.

Scalable at extensible

Dinisenyo upang makapagbigay ng consistent na level ng usability at convenience kahit pa ilang mining machines ang nasa ilalim ng kontrol nito, ang easyMINE ay sakto para sa mga maliliit, lumalago, at katamtamang laki ng mga mines. Dagdag pa rito, ito madaling mai-extend upang masuportahan ang mga bagong currencies, mining algorithm, wallet, atbp.

Aming Layunin

Sa maabot ng easyMINE project, balak namin na:

1. Bumuo ng kumpletong software package na kinakailangan upang magpatakbo ng mining machine. Ang software ay ibabase sa isang dedicated operating system distribution at ready na upang mai-install sa isang USB flash drive. Ito ay magpapahintulot sa remote configuration at administration ng mining hardware.
2. Mag-develop ng isang dedicated mining machine management platform. Ang platform ay magpapahintulot sa mga users na mag-imbentaryo sa kanilang hardware, i-configure ito, at mai-kontrol ang operation nito. Ito ay awtomatikong pipili at i-aaply ang optimal configuration settings (BIOS modifications, CPU/GPU/memory timings atbp.) at mag-respond sa mga malfunctions at mga errors.
3. Bumuo ng intuitive at madaling gamitin na mga access interface para sa hardware monitoring at kontrol. Isang web-based dashboard at isang dedicated mobile application (para sa iOS at Android na mga device) ay nakaplano upang buhin.
4. Bumuo ng hardware specification at configuration knowledge base--para sa pag-automate ng performance optimization process.
5. Makapagbigay ng configuration presets para sa maraming klase ng mining setups at cryptocurrencies.
6. Mag-develop ng automatic currency at mine selection algorithms.
7. Mag-establish ng bago, dedicated na mga cryptocurrency mining pools.
8. Bumuo ng wallet mechanism (upang mas mapadali ang mga unang hakbang para sa mga beginner miners).
9. Magpakilala ng isang cryptocurrency trading functionality--tracking ng mga exchange rates para sa iba't-ibang pairs ng cryptocurrency.
10. Makapagbigay ng sales platform na magpapahintulot sa mga third parties na ipamahagi ang mga hardware components pati narin ang mga pre-built mining machines.

Sa bandang huli, gusto din namin na mag-develop ng isang hardware solution na magpapadali sa mine management para sa mga users na nag-ooperate ng maraming bilang ng

mga mining machines (remote restart devices, PXE servers atbp.)

easyMINE Tokens (EMT)

Upang mapondohan ang proyektong ito, mag-iisyu kami ng 33,000,000 easyMINE tokens (EMT). Ang mga tokens ay ibabase sa Ethereum (ETH) platform at ima-manage gamit ang kasalukuyang mga solusyon tulad ng MyEtherWallet.

Ang token pool ay paghahati-hatiin sa mga sumusunod:

- Mga kalahok sa Crowdsale: 27,000,000 EMT (approx. 81.8%)
- Mga bonus ng mga Pre-ICO buyers: 2,000,000 EMT (approx. 6.1%)
- easyMINE development team: 1,500,000 EMT (approx. 4.6%)
- Project advisors: 500,000 EMT (approx. 1.5%)
- Bounty program: 1,000,000 EMT (approx. 3.0%)
- easyMINE Corporation: 1,000,000 EMT (approx. 3.0%)

Ang hindi nabentang tokens ay susunugin. Walang karagdagang tokens ang bubuohin sa kahit anong panahon sa sale o pagkatapos nito. Ang mga tokens na ilalaan sa development team, project advisors, at easyMINE Corporation mayroong 180-day vesting period, na kung saan pagkatapos nito ay ipamamahagi sa mga token holders sa rate na 0.5% bawat araw.

Ang EMT tokens ay mai-lilista sa mga exchanges sa ikaapat na quarter ng 2017.

Ang EMT tokens ay gagamitin bilang tanging pambayad para sa mga serbisyo ng easyMINE. Ang mga easyMINE users ay magsasagawa ng prepayments para sa kanilang indibidwal na EMT accounts. Ang bayad para sa mga serbisyo ng easyMINE ay awtomatikong ikakaltas sa kanilang mga account balance.

easyMINE Corporation ay magpapatuloy na susunugin ang mga EMT tokens na natatanggap nito sa mga bayad sa mga serbisyo nito hanggang tanging 3,000,000 na lamang ang matira sa sirkulasyon.

Initial Coin Offering

27,000,000 EMT tokens ang iaalok sa publiko sa pamamagitan ng isang crowdsale. Ito ay magpapatuloy hanggang ang alinman sa mga kondisyon sa ibaba ay makamit:

- a) 21,300 ETH ay makolekta, o
- b) 27,000,000 EMT tokens ang maibenta, o

- c) 200,000 blocks ang madagdag sa ETH blockchain (i.e. tinatayang 34 araw ang lumipas).

Ang presyo ay patuloy na magbabago sa panahon ng sale, depende sa kabuohang dami ng nabibenta:

Tier 1: hanggang 2,000,000 EMT na nabenta	1 EMT=0.0007 ETH
Tier 2: 2,000,001–4,000,000 EMT na nabenta	1 EMT=0.00075 ETH
Tier 3: 4,000,001–27,000,000 EMT na nabenta	1 EMT=0.0008 ETH

Ang mga tokens ay ipamamahagi sa mga buyers agad-agad pagkatapos bumili. Ang hindi nabentang tokens ay susunugin.

Ang ICO smart contract code ay maaring tignan ng publiko sa GitHub bago paman magsimula ang sale.

Ang crowdsale contract address at starting ETH block number ay i-aanunso sa opisyal na website ng easyMINE.

Development Roadmap

Ang development plan na nakahanay sa ibaba ay napaka-konserbatibo. Ang aming team ay malaon ng nagtatrabaho sa sistema at positibo kaming sa lalong madaling panahon ay mailulunsad ang easyMINE.

Q3 2017

Beta version ng easyMINE OS, kabilang ang inventory management functionalities. Web-based administration dashboard.

Q4 2017

Beta version ng automatic configuration functionality.

Q1 2018

Beta version ng automatic mining functionality.

Q2 2018

Core-feature version ng eMOS operating system (general access, libre, walang babayaran)

Q3/Q4 2018

Mobile application. Full-featured version ng eMOS system.

2019 and onwards

Patuloy pang pagpapaunlad ng platform batay sa pangangailangan ng mga users.

Direksiyon para sa Hinaharap

Ang potensyal na magdedevelop pa ay maganda. Sa obvious na rason, hindi na muna namin ihahayag ang mga detalye patungkol dito sa puntong ito.

Gusto namin na ipahiwatig na gusto namin na aktibong mag-ambag sa komunidad ng blockchain. Nakikita namin na parte ng aming misyon ay pag-popromote ng pilosopiya ng blockchain sa international arena sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga importanteng mga events.

Opiyal na mga Channels ng Komunikasyon

Ang mga opiyal na mga channel ng komunikasyon ng easyMINE's ay:

- Ang Opisyal na easyMINE newsletter
- Webpage: <https://easymine.io>
- Twitter feed: <https://twitter.com/easymineio>
- Slack: <https://slack.easymine.io>
- Facebook page: <https://www.facebook.com/Easymine.io>

Ang easyMINE Team

Lukasz Żeligowski

CEO / Founder / Software Engineer

Master's degree sa Software Development. May karanasan sa pagtatrabaho sa Softbank i Bankhaus Metzler (Germany). Founder at CEO/CTO ng ilang mga kumpanya ng IT. Karanasan sa development team management, blockchain, at artificial intelligence.

Andrzej Belczak

CFO / Founder

Master's degree sa Banking at Finance. 25 taon ng karanasan sa negosyo. Founder at CEO/CFO ng ilang mga kumpanya ng IT. Blockchain enthusiast. Karanasan sa batas sa pagnenegosyo, administrasyon, at pamamahala.

Andrzej Buller, Ph.D.

Machine Learning Expert

Internationally recognized authority sa artificial intelligence, neural networks, at human-

computer interfaces. Dating coordinator ng Artificial Brain Project sa Advanced Telecommunications Research Institute (Kyoto, Japan). Author ng maraming academic at popular publications sa machine psychodynamics, dynamic-fuzzy logic, cognitive modeling, at neurocomputing.

Witold Turzański

CTO / Lead Software Developer

20 taon ng karanasan sa software development, web servers, at big data.

Tomasz Widanka

Senior Developer / Hardware Engineer

Ekspertong software developer. Hardware specialist. Blockchain enthusiast.

Dawid Gajek

Product Manager

10 taong karanasan sa industriya ng IT. Ekspertong software analyst. Eksperto sa reconciling business necessities sa users' best interests.

Michał Jankowski

Senior Graphic Designer

Malikhaing alagad ng sining na may mayamang imahinasyon at malalim na kaalaman sa teknolohiya at programming. 6 taong karanasan sa graphic design at usability.

Anna Kočańska

Marketing Specialist

PR, marketing, communication, at product placement specialist na may 6 na taong karanasan sa industriya. Dynamic, energetic, at positibo.

Przemysław Budziszewski

PR Liaison / Content Developer

Mananaliksik at edukador sa pagsasanay, communication designer. 13 taong karanasan sa media at pag-aaral ukol sa kultura.

Łukasz Gaşior

Smart Contract Developer

Espesyalista sa Smart contract, may malalim na kasanayan sa Ethereum platform at mga kaugnay na teknolohiya. Miyembro ng Ethereum Classic Scala client development team.

Piotr Kosiński

Advisor

Co-founder at CTO ng Blockdiggers, isang blockchain at cryptocurrency consultancy group.

Programmer, software architect, at innovation manager na may maraming mga taon ng karanasan.

Warnings at mga Disclaimers

Ang EMT tokens ay utility tokens upang gamitin sa easyMINE platform. Ang EMT tokens ay hindi securities. Ang EMT tokens ay hindi para sa speculative investment. Walang pinapangakong future performance o value na gagawin ng EMT tokens. Ang EMT tokens ay hindi participation at walang hinahawakang karapatan sa easyMINE. Ang EMT tokens ay hindi refundable. Ang easyMINE ay may karapatan na malayang gastusin ang kahit anong kita na matatanggap ng walang kahit anong kondisyon.

Ang EMT tokens ay intended para sa mga indibidwal na pamilyar sa blockchain-based technologies. Huwag makilahok sa crowdfunding na ito kung hindi mo naiintindihan ang cryptographic tokens, cryptocurrency, at blockchain-based software systems.

Ang mga cryptographic tokens na mayroong value sa mga pampublikong markets ay madalas nakikitang mayroong mataaas na mabilis na fluctuations sa presyo, resulta ng mabilisang pagbabago sa balanse ng suply at demand. Kinakailangan preparado ka na tanggapin ang kaparehong fluctuations sa value ng EMT token.

Limitation ng Liability

Walang easyMINE party ang magiging liable (kahit sa action in negligence, contract or tort based sa warranty o kahit ano pa) para sa kahit anong pagkawala kahit pa kung ang easyMINE o ang mga representatives nito, o kahit sinong easyMINE party ay advised sa posibilidad ng pagkawala, sa kahit anong dahilan, direkta man o hindi, o kahit anong may koneksyon sa:

- a) iyong pakikilahok sa EMT token crowdsale, pagtanggap at pag-hold ng EMT tokens;
- b) kahit anong accessm paggamit, or hindi paggamit o pag-access, sa easyMINE website;
- c) iyong reliance sa o paggamit o hindi paggamit ng mga nilalaman at impormasyon ng easyMINE website or kahit anong linked website;
- d) Kahit anong failure ng performance, error, o, interruption, defect, delay sa operation o transmission, computer virus o line o system failure ng easyMINE website or at kahit anong linked website;
- e) ang cost ng procurement ng substitute goods at services na resulta sa kahit anong goods, data, information o services purchased o nakuha o mga mensaheng natanggap o mga transactions na napasok sa o mula sa easyMINE website;

- f) unauthorized access upang o i-alter ang iyong transmissions o data;
- g) statements o conduct ng kahit anong third party sa easyMINE website;
- h) o kahit anong bagay na mag koneksyon sa easyMINE website.

Taxes

Ang easyMINE ay gagawa ng mga pangako o eksplanasyon patungkol sa tax implications na maaring bunga ng pagbili, paghawak, at paggamit ng EMT tokens. Ang holder ay siyang tanging may reponsibilidad sa pag-determine ng potensyal na appreciation o depreciation sa value ng EMT token sa kahit anong panahon na mayroong tax implications sa kanilang jurisdiction. Ang holder ay pumapayag na hindi gawin liable ang easyMINE sa kahit anong tax liability na aangat mula sa pagbili at pagmamay-ari ng holder ng EMT tokens.